
# PAGLILINIS PAGKATAPOS NG BAHA: MGA TIP PARA SA ISANG MALINIS NA BAHAY

EPA

## Ang Tubig Baha ay Maaaring Gawing Marumi ang Hangin sa Loob ng Bahay Mo




Ang tubig baha ay maaaring magpasok ng dumi mula sa imburnal at iba pang nakapipinsalang mga sangkap. Pagkaraan ng baha, ang tubig na hindi umaagos at ang mga basang bagay ay maaaring pamahayan ng mga virus, bakterya at amag.



Ang mga bata, mga buntis, at mga taong mahina ang immune system o may talamak na problema sa paghinga tulad ng hika ay hindi dapat makibahagi sa paglilinis pagkatapos ng baha.

⚠ ***Magkaroon ng kamalayan sa peligrong makuryente.*** *Huwag hawakan ang mga kagamitang de-kuryente kung ito ay basa o nakatayo ka sa tubig. Kung ligtas na gawin, patayin ang kuryente para maiwasan ang electric shock.*

⚠ ***Maingat na paganahin ang mga portable generator.*** *Kung mawalan ka ng kuryente, maaaring gumamit ng portable generator para sa pansamantalang kuryente. Gamitin lamang ang mga generator sa labas at 20 talampakan man lang ang layo mula sa mga gusali.*




## Magsuot ng personal protective equipment kapag naglilinis ka:




## Linisin at patuyuin ang bahay mo at lahat ng nasa loob nito sa loob ng 24 hanggang 48 oras, kung kaya mo.



Linisin ng sabon at tubig ang matitigas na ibabaw. **Huwag paghalu-haluin ang mga produktong panlinis o magdagdag ng bleach sa iba pang mga kemikal**. Itapon ang anumang hindi maaaring linisan at patuyuin.



Habang naglilinis, pahanginan at patuyuin ang bahay mo sa paggamit ng mga bentilador at dehumidifier at sa pagbubukas ng mga pinto at bintana, kung maaari. Kung nakakakita ka na ng amag, huwag gumamit ng mga bentilador dahil maaaring ikalat ng mga bentilador ang amag.

⚠ ***Maaaring masyadong mahirap o mapanganib ang trabahong ito para sa iyo.*** *Maaaring ang pinakamabuting gawin ay humingi ng tulong mula sa mga bihasa at kwalipikadong propesyonal, kung kaya mo.*

**I-scan ang QR code na ito gamit ang iyong smartphone camera, o bisitahin ang link na ito para sa iba pang impormasyon:**
www.epa.gov/indoor-air-quality-iaq/resources-flood-cleanup-and-indoor-air-quality